# ANG HALAGA NG TAO SA MGA MARITIME INCIDENTS

*Posted on 12.03.2024 by Adam Parnell*



**Category:** General Maritime

**Edition**MFB 74

## Editorial

Madalas binabanggit ng mga organisasyon na inuuna nila ang kaligtasan. Gayunpaman, nakakalungkot na ang mga katotohanan ng pang-komersyal at pang-reputasyon ay kadalasang humahadlang sa pagsasakatuparan sa ganitong mataas na ambisyon: imbes na tignan ang mga insidente bilang oportunidad na matuto mula sa karanasan, may ilang mga kumpanya na nagsusumikap na maipakitang-tao lang na sila ay 100% ligtas, 100% ng oras. Subalit sa isang industriya na kilala bilang mas mapanganib kaysa sa iba, ito ay hindi maaaring maging tama.

Ang malungkot na balita tungkol kay Captain Oguz Kok, na kamakailan ay namatay habang nag-pilot transfer, sa Bosphorus ng gabi, ay nagpapaalala sa atin ng mga panganib na kaakibat sa maritime industry. Habang marami, kabilang ang aming sarili, ay mabilis na nagpahayag ng pakikiramay at nag-alay ng mga saloobin para sa kaniyang pamilya at mga kaibigan, kinakailangan

ng kolektibong paggawa ng maritime industry upang mapaigting ang kaligtasan.

Ayon sa British anthropologist na si Robin Dundar, ang karaniwang tao ay may pinananatilihang relasyon na humigit-kumulang sa 150 na mga kaibigan at pamilya. Samakatuwid, ang tunay na halaga ng safety incident ay tumatagos ng higit pa sa kaagad na kasangkot, ang mga pinsala at insidente na nangyayari sa ating industriya ay literal na nakakaapekto sa milyong mga buhay.

Batid ng CHIRP ang ilang mga kaso na kung saan ang mga nag-uulat ng safety concern mula sa reporting channels ng kanilang organisasyon ay humaharap sa redundancy o napaghihigantihan. Ang ganitong mga pagsupil ay nagpapakita lamang na ang mga isyu ng pangkaligtasan ay hindi natutugunan, at ang panganib na maulit ang ganitong mga insidente ay nananatiling mataas.

Ang malaya, walang kinikilingan at kumpidensyal na reporting system ng CHIRP ay nagbibigay daan sa indibidwal at mga kumpanya na banggitin ang ilang mga safety concerns at isyu ng walang pag-aalala na magkaroon ng paghihiganti, o mawalan ng reputasyon. Ang mga sumusunod na mga ulat ay ipinadala sa CHIRP upang magbigay ng kamalayan sa mga panganib sa buong industriya, o magbahagi ng pinakamahusay na kasanayan, o upang matugunan ang isang isyu. Sa maraming mga ulat na ito, mababasa ninyo na itinataguyod ng CHIRP sa mga reporter na magsalita sa ganitong mga isyu ng kumpanya o sa Flag State, habang prinoprotekhan ang kanilang pagkakakilanlan.